Sa Susunod

Skusta Clee

Ha! huh

Doobi-do-doop, doop, doop, darap, eh

Halos limang oras na akong nag-aantay sa'yo
Nag-aabang ako sa labas ng bahay n'yo
Sipat ng sipat kung sisilip ka ba sa bintana
Magpakita ka'y parang 'di yata

Ilang beses ka nang lagi na lang gan'yan
Kung iwasan ako'y parang ayaw akong nand'yan
Sa susunod na punta ko'y pagbuksan mo na sana
Kasi kahit anong mangyari ay 'di ako mawawalan ng pag-asa

Ayaw kitang pilitin kung 'di ka pa handa
Sa susunod na lang, sa susunod na lang
Ayaw kong nabibitin kaya mabuti pang
Ako'y uuwi na lang, sa susunod na lang

Napupuyat na 'ko kakapaalala
Kumain at mag-ingat kung sakaling maggala ka
Laging sinisipat ang imahe ng dalaga
Na pangarap makasama ko sa hirap at ginhawa
Tipikal na dahilan ng tagahanga mong
Hindi naghahanap ng iba kahit na nababatong
Naghihintay sa'yong sagot sa 'king mga tinatanong
Habang ang pamantayan mo ay pilit kong tinatalon
Kasi alam ko na hindi ka pa handa
May gusto kang makita pa sa 'kin at madama
Kaya 'eto ako, naghahanda 'kong madapa
Kung mabigo sa ngayon, ayos lang kasi may bukas pa
'Di nauubos 'yun kaya kahit kumukunot na ang noo ko
Ay sa alon natin ay sumusunod na lang
Susuyuin ka kahit hindi mo pa mapunuan
'Yung ikaw sa salitang tayo, ayos lang, sa susunod na lang

Ayaw kitang pilitin kung 'di ka pa handa
Sa susunod na lang, sa susunod na lang
Ayaw kong nabibitin kaya mabuti pang
Ako'y uuwi na lang, sa susunod na lang

Ayaw kitang pilitin kung 'di ka pa handa
Sa susunod na lang, sa susunod na lang
Ayaw kong nabibitin kaya mabuti pang
Ako'y uuwi na lang, sa susunod na lang

Ayaw kitang pilitin kung 'di ka pa handa
Sa susunod na lang, sa susunod na lang
Ayaw kong nabibitin kaya mabuti pang
Ako'y uuwi na lang, sa susunod na lang

Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!